File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-SAMPUNG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 10, 2022 SA NASUCOB ELEMENTARY SCHOOL, BARANGAY NASUCOB, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 22-03-264

**KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAGAWARAN NG KALUSUGAN (DOH) NA MAGLAAN NG PONDO PARA SA PAGPAPAGAWA NG BARANGAY HEALTH STATIONS SA MGA PAMAYANAN NG BAGACAY, CAVILLAN, UPPER YUNOT, ABINTANG, IMBUYUNGAN, BARUMBONG, LAHAT AY MATATAGPUAN SA BARANGAY NASUCOB, BULALACAO, ORIENTAL MINDORO**

May-Panukala at Isponsor
**Sangguniang Bayan Member DEXTER R. GONZALES**

Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member JESS V. SAPUNGAN**
**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**

"**SAPAGKAT,** ang barangay health station ay tumutugon sa pangunahing lunas para sa mga matatanda at bata, nakahahawang sakit at iba pang pangunahing pangkalusugang serbisyo sa lahat ng mamamayan ng barangay;

"**SAPAGKAT,** ang Nasucob ay barangay sa Bayan ng Bulalacao na binubuo ng 3,700 populasyon ayon sa 2020 Census of Population, mayroong bahagi nito na ang mga sityo ay magkakalayo-layo at mahirap marating dahilan ng mahirap na kalsada at bulubunduking lugar at kung saan kalahati ng populasyon nito ay mga katutubo;

Scanned with CamScanner

**"SAPAGKAT,** ang munting Bayan ng Bulalacao ay matatagpuan sa dulong bahagi ng Lalawigan ng Oriental Mindoro kung saan ang kahirapan sa pamumuhay ay patuloy pa ring nararanasan ng malaking bahagi ng populasyon nito lalo higit ang mga katutubo na kung tawagin ay Hanunuo Mangyan na mas higit na nangangailangan ng pangkalusugang serbisyo at maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng isang health station mula sa tulong at suporta ng Kagawaran ng Kalusugan; Kung kaya't dahil dito...

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humihiling sa Kagawaran ng Kalusugan (DOH) na maglaan ng pondo para sa pagpapapagawa ng Barangay Health Stations sa mga pamayanan ng Bagacay, Cavillan, Upper Yunot, Abintang, Imbuyungan, Barumbong, lahat ay matatagpuan sa Barangay Nasucob, Bulalacao, Oriental Mindoro

**SA MUNGKAHI** nina Konsehal Dexter R. Gonzales, Konsehal Jess V. Sapungan at Konsehal Edezer F. Aceron, na pinangalawahan ni Konsehal Edwin C. Aceron, ang kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Marso 10, 2022, Barangay Nasucob, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------x

| | |
|---|---|
| **KGG. DEXTER R. GONZALES**<br>SB Member | **KGG. DENNIS M. FANER**<br>SB Member |
| **KGG. EDEZER F. ACERON**<br>SB Member | **KGG. GERMAN S. ACOSTA**<br>SB Member |
| **KGG. KIEVEN E. CANTOS**<br>SB Member | **KGG. JESS V. SAPUNGAN**<br>SB Member |
| **KGG. EDWIN C. ACERON**<br>SB Member | **KGG. ENRICO C. VILLAS**<br>Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| **KGG. TULAY M. CARING**<br>IP's Mandatory Representative | **KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**<br>SK Federation President |

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: April 07, 2022

03/23/22/PLP/dsq

Scanned with CamScanner